



Prayer para sa “Protect-a-Hectare” Tree-planting

Mula sa ACCORD para sa Partners for Resilience (PFR) Project

1. Ano ang pangunahing hazard na kinakaharap ng mga taga-CAMANAVA taon-taon? Bakit nila nararanasan ito?

Ang hazard na ito ay ang **pagbaha**. Nangyayari ito kapag umaapaw ang mga natural daluyan ng tubig, gaya ng Ilog Tullahan at mga estero sa CAMANAVA.

Maraming dahilan ang pagbaha. Kabilang na rito ang **pag-ulan, di lang sa mismong lugar na binabaha, ngunit maging sa mas mataas na bahagi ng Tullahan River basin**. Sa kaso ng Ilog Tullahan, bumabaha sa mga lugar na dinadaan kapag umaapaw ang sobrang tubig ng La Mesa Watershed. Nakakadagdag pa dito ang pagiging **mababaw at makipot ng ilog** dahil sa mga basura at mga istruktura sa paligid nito.

Kapag may **high tide**, bumabagal pa lalo ang pagdaloy ng tubig papuntang Manila Bay kaya mas tumatagal ang baha. **Di na rin kayang masipsip ng lupa** ang labis na tubig dahil sementado na ang malaking bahagi ng Kamaynilaan.

2. Ano ang layunin ng PFR?

Layunin ng PFR na **palakasin ang resilience ng mga komunidad** sa CAMANAVA – ang kakayahan nilang **humarap at bumangon** sa epekto ng mga hazard gaya ng pagbaha.

Climate-proof and ecosystem-based disaster risk reduction (DRR-CCA-EMR) ang pagtingin na nagbibigay ng mas komprehensibong pag-unawa sa tanong na “Bakit tayo bulnerable sa hazards?” Tinitingnan nito ang mga epekto ng climate change, pati ang kalagayan ng mga ecosystem kung saan nabibilang ang komunidad para bawasan ang posibleng tindi ng epekto.

3. Ano sa tingin ng PFR ang dapat gawin para mabawasan ang bulnerabilidad ng mga taga-CAMANAVA sa pagbaha?

Una, dapat nang **maghanda ngayon pa lang** para sa posibilidad ng mga disaster. Di dapat ipinagpapabukas ang kahandaan. Marapat lamang na maunawaan ang mga hazard at risk gamit ang siyentipikong impormasyon at ang sariling kaalaman ng komunidad. Mula dito ay makakapagbuo ng angkop na mga plano.

Pangalawa, **makatugon** sa panahon ng disaster. Magagawa ito kung napaghandaan ang mga kailangan at mga bagay na dapat matutunan. Mainam din na magkaroon ng praktis gaya ng evacuation drill para maging pamilyar sa mga gagawin sa panahon ng emergency.

Pangatlo, **alamin at unawain ang mga pagbabago sa kapaligiran**. Bakit mas matindi na ang pagbaha sa mga nakaraang taon? Ano ang dapat kong baguhin sa mga paghahandang ginagawa na? Ito ang ilan sa mga tanong na habang hinahanap ang mga sagot ay nagiging pagkakataon din para mas maging angkop ang tipo ng kabuhayan at iba pang paraan ng pagtugon sa risk.

Ikaapat, magkaroon ng **mas buong pag-unawa** kung bakit matindi ang epekto ng disaster. Magiging daan ito para maging mas buo din ang solusyon kung paano haharapin ang mga bulnerabilidad.

Dapat na **makisangkot ang lahat** sa trabahong ito – ang pamahalaan, mga pribadong grupo, at lalong-lalo na ang karaniwang mamamayan. Kinakailangan na sila mismong mga posibleng maapektuhan ng mga hazard ang gumawa ng paraan para mapalakas ang resilience nila. Sa ganitong paraan, matutugunan ang karapatan at pangangailangan nila sa isang buhay na ligtas at may dignidad.

4. Ano ang mga aktibidad na ginagawa ng PfR tungo sa layuning patibayin ang resilience ng mga komunidad?

- a. Community risk assessment
 - Sa prosesong ito **natutukoy** kung ano ang mga **hazard** at risk na kinakaharap ng komunidad.
- b. Mga pagsasanay gaya ng disaster preparedness, mga batayang konsepto sa DRR, atbp
 - Napapalakas ng mga ito ang **kapasidad** at **pag-unawa** ng komunidad sa kanilang ginagawa
- c. Contingency Planning at mga drills
 - Gumagawa ng **plano** ang komunidad para sa iba't ibang hazard (pagbaha, lindol, atbp) at sinusubukan ang pag-unawa nila dito sa *simulation* o **praktis**.
- d. Mga stakeholders' meetings, workplanning, at community audits
 - Dito masisigurado na **nauunawaan** at **nagagawa** ng komunidad ang kanilang **responsibilidad** sa proyekto
- e. Public awareness at advocacy
 - Mas lalong **pinapaigting** ang kaalaman ng mga tao sa komunidad gamit ang iba't ibang paraan gaya ng film showing, classroom discussions, mass media, etc.
- f. Small scale mitigation
 - Kasama rito ang mga proyekto gaya ng bio-intensive gardening sa schools, pagtatanim ng mga puno na may layuning **bawasan** ang masasamang epekto ng mga hazards
- g. Mainstreaming
 - Pagdidisensyo ng mga **plano** at proyekto ng pamahalaan at komunidad na **kinokonsidera** ang **disaster risk reduction**, mga epekto ng pagbabago sa klima at paglala ng kalagayan ng ilog, gubat o ecosystem na kinapapalooban.

5. Bakit tayo nagtatanim ng puno ngayon dito sa La Mesa Watershed?

Ang aktibidad na ito ay isang maliit na kontribusyon ng mga komunidad para mapaipigting ang kapasidad ng La Mesa Watershed na **umipon ng tubig**, kasama na ang ulan sa mas matataas na lugar ng Quezon City at Bulacan. Nagsusuplay din ito ng **malinis na tubig** sa buong Kamaynilaan. Tumutulong din ang watershed sa **pag-absorb ng carbon dioxide** na nagmumula sa mga sasakyan at pabrika, para mas sariwang hangin ang malanghap natin.

Kapag malago ang gubat o makapal ang forest cover, nababawasan ang mabilis na pag-agos ng tubig na may kasamang lupa papunta sa mas mababang mga lugar.

Kasabay nito, makikita rin ng mga nakilahok sa Protect-a-Hectare ang halaga ng La Mesa Watershed. **Dahil sila mismo ay nagtanim ng puno, mas maaasahan natin na aangkinin nila ang pangangalaga ng watershed laban sa pagkasira.** Malayo na ang narating ng kampanya para pangalagaan ang watershed, pero dapat tayong manatiling aktibo at alerto.

Ang malusog na ecosystem ay magbubunga ng malusog na komunidad. =)

